


# EPP-AFA

## Modyul 2: Pagsasagawa ng Survey Gamit ang Teknolohiya



**EPP-AFA Ikaapat na Baitang  
Alternative Delivery Mode  
Modyul 2: Pagsasagawa ng Survey Gamit ang Teknolohiya  
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon  
Kalihim: Leonor Magtolis Briones  
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Loralyn D. Casulla  
**Editor:** Jelly M. Flores  
**Tagasuri:** Filip P. Canas  
**Tagaguhit:** Jason C. Borabo  
**Tagalapat:** Jeffrey B. Sape  
**Tagapamahala:** Gilbert T. Sadsad, Francisco B. Bulalacao Jr., Grace U. Rabelas,  
Ma. Leilani R. Lorico, Christie L. Alvarez, Lita T. Mijares,  
Salvador T. Pelingon

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Department of Education – Region V**

Office Address: Regional Site, Rawis Legaspi City, 4500  
Telefax: (052) 482-0046 / (052) 482-0373  
E-mail Address: [deped.rov@deped.gov.ph](mailto:deped.rov@deped.gov.ph)

**EPP-AFA**  
**Modyul 2:**  
**Pagsasagawa ng Survey Gamit**  
**ang Teknolohiya**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't-ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/ Tagapagpadaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutunan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## **Alamin**

Sa pag-aaral ng modyul na ito, inaasahang maisasagawa mo ang mga sumusunod na layunin;

- nagagamit ang teknolohiya/ internet sa pagsasagawa ng survey at iba pang pananaliksik nang wasto at makabagong pamamaraan ng pagpapatubo ng halamang ornamental.



## **Subukin**

Basahin ang pangungusap. Iguhit ang masayang 😊 mukha kung tama ang sinasaad nito at malungkot na mukha ☹️ kung mali. Gawin ito sa kuwaderno.

- \_\_\_\_\_ 1. Ang teknolohiya ay isang makabagong pamamaraan na nakapagpapabilis ng isang gawain.
- \_\_\_\_\_ 2. Ang pagsu-survey ay isang mabisang paraan para makakalap ng mga impormasyon tungkol sa pagpapatubo ng halaman.
- \_\_\_\_\_ 3. Ang mga halamang ornamental ay magandang patubuin ayon sa ibat- ibang paraan ng pagtatanim nito.
- \_\_\_\_\_ 4. Ang internet ay isang kagamitang mekanikal na ginagamit ng mga tao upang mapadali ang pagkuha ng anumang impormasyon sa pamamagitan ng computer.
- \_\_\_\_\_ 5. Ang pagsusurvey ay ginagamit ng mga tao upang maglibang at maglaro lamang.

**Lesson****2****Agriculture and Fishery  
Arts: Pagsasagawa ng  
Survey Gamit ang  
Teknolohiya*****Balikan***

Sa makabagong pamamaraan ng pagtatanim ng mga halamang ornamental ay kinakailangan ang pagsu-survey upang ang mga bagay na dapat alamin ay ating lubos na maintindihan. Ang paggamit ng internet ay isang mabisang paraan upang makapagsaliksik ng mga kaalaman sa pagtatanim ng mga halamang ornamental.

Sa panahon ngayon ang makabagong pamamaraan ng pagtatanim ng mga halaman at punong ornamental ay maaaring makuha at masaliksik gamit ang teknolohiya.

Sa modyul na ito gagawin mo ang pagsusurvey gamit ang makabagong pamamaraan na makatutulong upang makakuha ng impormasyong nais malaman.

Ang mga sumusunod ay ang mga kabutihang dulot ng pagpaparami ng halamang ornamental. Isulat ang titik sa mga sumusunod na pangungusap ayon sa akmalang kahulugan ng mga ito. Gawin ito saiyong kuwaderno.

- a. Nagbibigay lilim at sariwang hangin
- b. Nakaiwas sa polusyon
- c. Napagkakakitaan
- d. Nakapagpapaganda ng kapaligiran
- e. Nakapipigil ng pagguho ng lupa

- \_\_\_\_\_ 1. Ang mga punong ornamental ay kumakapit sa lupang taniman kaya nakakaiwas sa landslide o pagguho ng lupa.
- \_\_\_\_\_ 2. Sa pagamit ng mga halaman/punong ornamental naiiwasan ang mga polusyon sa kapaligiran tulad ng usok sa sasakyan, sinigaang basura, masasamang amoy na kung saan nalilinis ang hangin na ating nilalanghap.
- \_\_\_\_\_ 3. Ang mga halamang ornamental gaya ng kalachuchi, ilang-ilang, pine tree at marami pang iba ay nakatutulong upang masilungan ng tao lalo na kapag sobrang init ng panahon.
- \_\_\_\_\_ 4. Maaaring maibenta ang mga halamang ornamental na hindi naitanim o napunla o ang mga tanim na halaman sa paso, sa mga plastic bag o lata.
- \_\_\_\_\_ 5. Ang halamang ornamental ay nakatatawag pansin sa mga dumadaan na tao sa paligid, tahanan, parke, hotel, mall at iba pang lugar.



## ***Tuklasin***


Pagmasdan at suriin ang nasa larawan. Gawin ito saiyong kuwaderno.



<https://www.indiamart.com/jp-software-khetasarai/products.html>

Sagutin ang sumusunod na tanong. Gawin ito saiyong kuwaderno.

1. Ano ang nasa larawan?
2. Ano ang gamit ng computer?
3. Sa panahon ngayon paano nakatutulong ang internet?
4. Ano ang kabutihang dulot ng pananaliksik gamit ang internet tungkol sa pagpaparami ng mga halamang ornamental?




## ***Suriin***

Sa pagsisimula ng pagsusurvey, nararapat lamang na nakahanda na ang mga kakailanganing impormasyon upang mapabilis na matapos ang mga gawain. Kinakailangan na makipag-ugnayan sa iyong guro sa (ICT) Information and Communications Technology upang matulungan sa gawaing pang-internet. Pumunta sa pinakamalapit na internet Café at magsaliksik o mag-surf tungkol sa mga sumusunod na pangalan ng mga halamang ornamental at uri nito. Ipagpatuloy ang talahanayan sa ibaba.

Pangalan ng halamang ornamental	Uri ng halamang ornamental	Lugar kung saan dapat itanim	Paraan ng pagtatanim
Fortune plant	shrub	Maaraw-lupa/paso	Suwi/sanga
Cosmos	herb	Maaraw-lupa/paso	buto
Zinnia			
Gumamela			
Sun flower			
Ilang- ilang			
Bougainvillea			



1. Anong paraan ang gagamitin mo upang mapadali ang gagawing pagsu-survey?
2. Hanapin sa diksyunaryo ang mga salitang teknolohiya, internet, pananaliksik, at survey. Ano ang kahulugan ng bawat isa?



## ***Pagyamanin***


Gamit ang internet, gumawa ng pagsasaliksik tungkol sa pagpapatubo ng mga halamang nabanggit at sagutin ang sumusunod na tanong.

1. Anu-ano ang makabagong pamamaraan ng pagpapatubo ng halaman?
2. Ang pananaliksik ba gamit ang makabagong paraan o internet ay isang paraan upang mapabilis ang pagsusurvey tungkol sa pagpaparami ng halamang ornamental? Ipaliwanag ang iyong sagot.




## ***Isaisip***


- A. Ang mga sumusunod ay mga salitang kailangan para mapadali ang pagsusurvey. Gamit ang mga salitang galing sa diksyunaryo tulad ng internet, survey, teknolohiya, pananaliksik buuin ang mga salitang nasa kahon ayon sa sinasaad ng kahulugan. Gawin ito saiyong kuwaderno.




1. Ito ay isang kagamitang mekanikal na ginagamit upang mapadali ang anumang impormasyon sa pamamagitan ng computer.





2. Ito ay ang makabagong pamamaraan na nakapagpapabilis ng isang gawain.



3. Ito ay isang pamamaraan na kung saan ginagamit ang sukat ng pangkaisipan, opinyon at pandamdang.



4. Ito ay ang isang paraan ng pagtuklas sa mga suliranin na nangangailangang bigyan ng kalutasan.

B. Lagyan ng  kung ito ay nakatutulong sa pagsusurvey gamit ang computer at  kung hindi ito nakatutulong.

- \_\_\_ 1. Paggamit ng makabagong pamamaraan ng pagpapatubo ng halaman.
- \_\_\_ 2. Paggamit ng internet.
- \_\_\_ 3. Pakikipag-ugnayan sa guro tungkol sa Information and Communication Technology.
- \_\_\_ 4. Pakikipag-usap sa ibang tao na may kalamayan sa pagkuha ng impormasyon sa internet.
- \_\_\_ 5. Pagtanim ng halaman sa parke nang walang plano at hindi napag-isipan.



## Isagawa

Maghanap ng mga halamang ornamental na may murang bunga at matigas na sanga. Itanim ito sa paso ayon sa nasaliksik mong paraan ng pagtanim. Obserbahan ang nagawang pagpapatubo sa loob ng 5 araw gamit ang talahanayan. Itala ang iyong obserbasyon. Lagyan ng (/) tsek ang bawat bilang. Gamitin ang batayan sa ibaba para sa antas ng kahusayan sa pagpapatubo ng halamang ornamental. Kopyahin/ Gawin ito sa isang malinis na papel.

Bilang ng araw sa pag-oobserba	Mga pagbabagong naganap sa halamang ornamental na Pinatubo					
	Unang halamang ornamental na itinanim(Sanga)			Pangalawang halamang ornamental na itinanim(Buto)		
	1	2	3	1	2	3
1.Unang araw						
2.Pangalawang araw						
3. Pangatlong araw						
4. Pang-apat na araw						
5.Pang-limang araw						


### Batayan

- 3-** tumubo at nagkaroon ng maraming supling
- 2-** nagkaroon ng isang supling
- 1-** hindi tumubo at namatay pagkatapos itanim



## **Tayahin**

A. Gamit ang graphic organizer, magbigay ng mga halimbawa ng mga halamang ornamental ayon sa paraan ng pagpaparami nito. Gayahin ang halimbawa.



B. Sagutin ang mga sumusunod na tanong.

1. Anu- ano ang mga paraan ng pagpaparami ng halaman?
2. Paano nakakatulong ang teknolohiya/internet sa pagsasagawa ng survey sa pagpaparami ng halamang ornamental?




## **Karagdagang Gawain**

Gumawa ng isang Collage gamit ang mga larawan ng mga halamang ornamental na iyong nasaliksik sa ginawang pagsusurvey.

***Binabati kita at matagumpay mong nasagutan ang lahat ng gawain sa araling ito.***



# Susi sa Pagwawasto



- Isaisip**
- A**
1. Internet
  2. Teknolohiya
  3. Survey
  4. Pananaliksik
- B**
1. Puso
  2. Puso
  3. Puso
  4. Puso
  5. tatsulok

- Pagymamanin**
1. (depende sa sagot ng mga bata)
  2. (depende sa sagot ng mga bata)

- Surunin**
1. Depende sa sagot ng mga bata
  2. Magsaliksik gamit ang computer at internet
  - a. Internet-ito ay isang kagamitang mekanikal na ginagamit upang mapadali ang anumang impormasyon sa pamamagitan ng computer.
  - b. Teknolohiya - ito ay makabagong pamamaraan na nakapagpapabilis ng isang Gawain.
  - c. Survey - ito ay isang pamamaraan na kung saan ginagamit ang sukat ng pangkakaikipan, opinion at pandamdaman.
  - d. Pananaliksik- ito ay isang pararan ng pagtuklas sa mga suliranin na nangangailangang bigyan ng kalutasan.

- Tuklasin**
- Mga posibleng sagot
1. Ang nasa larawan ay computer.
  2. Ang computer o laptop ay ginamit ng mga tao upang mapadali ang mga Gawain sa pamamagitan ng pagsasaliksik gamit ang internet.
  3. Ang internet ay nakakatuulong upang mapadali ang pananaliksik ng mga bagay bagay na gustong malaman.
  4. Ang kabutihang dulot ng pananaliksik ay nalalaman ang mga bagay na gustong malaman at di naintindihan.

- Balikan**
1. e
  2. b
  3. a
  4. c
  5. d

## ***Sanggunian***

<https://www.indiamart.com/jp-software-khetasarai/products.html>

Dolores M. Lavilla, Imelda O. Garcia, Bernie C. Dispabiladera. 2015. *Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan 4*. Pasig City: Vibal Group, Inc.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)